Mensahe Labindalawa

# Nagiging Bagong Herusalem

Babasahin sa Kasulatan: Apoc. 3:12; 19:7; 21:2, 9-11, 22; 22:17

## I. Para sa ating buhay-Kristiyano at buhay-ekklesia, kailangan nating magkaroon ng pangitain ng Bagong Herusalem—Apoc. 21:9-11:

A. Ang Bagong Herusalem ay isang kabuoan ng pagkadino at pagkatao na sama-samang naihalo, nailangkap, at naitayo bilang isang entidad, ang lahat ng sangkap ay may parehong buhay, kalikasan, at pagkakabuo at sa gayon ay isang sama-samang persona—Juan 14:20, 23: Apoc. 21:2-3, 9-23.

B. Ang Bagong Herusalem ay ang kasukdulan ng sentrong pangitain ng ekonomiya ng Diyos at ng mataas na rurok ng dibinong pahayag—bb. 2, 9-11:

1. Ang Bagong Herusalem, ang sukdulang katapusan ng Biblia, ay kinapapalooban ng pagiging tao ng Diyos at pagiging Diyos ng tao sa buhay at sa kalikasn ngunit hindi sa pagka-Diyos—b. 2; 3:12:

   a. Kay Kristo, ang Diyos ay naging tao upang gawing Diyos ang tao sa Kanyang buhay at sa Kanyang kalikasan nang sa gayon ang nagtutubos na Diyos at ang tinubos na tao ay sama-samang maihalo, mabuoan, upang maging isang entidad—ang Bagong Herusalem—21:3, 22.

   b. Sa kalaunan, ang tres-uno, walang hanggang Diyos ay naging Bagong Herusalem na nailakip sa ating lahat, at tayo rin ay naging Bagong Herusalem sa pamamagitan ng proseso ng organikong pagliligtas ng Diyos—Roma 5:10; Apoc. 3:12.

2. Ang Bagong Herusalem ay isang kabuoan ng pinili, tinubos, isinilang na muli, pinabanal, pinabago, natransporma, naiwangis, at naluwalhating bayan ng Diyos na napaging-diyos—Juan 3:6; Heb. 2:11; Roma 12:2; 8:29-30:

   a. Ang mapaging-diyos tayo ay nangangahulugang nabubuoan tayo ng naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos nang sa gayon tayo ay magawang Diyos sa buhay at kalikasan upang maging Kanyang sama-samang kahayagan sa kawalang-hanggan—Apoc. 21:11.

   b. Ang pagiging-diyos ng mga mananampalataya ay isang proseso na mapasusukdol sa Bagong Herusalem; ito ang pinakamataas na katotohanan at ang pinakamataas na ebanghelyo—Roma 1:1, 3-4; 5:10; Apoc. 21:2; 3:12.

3. Ang Bagong Herusalem ay ang sama-samang Diyos-tao—ang paglaki, paglawak, at kahayagan ng Diyos—ang sama-samang Diyos—Roma 8:29; Heb. 2:10-12; Apoc. 4:3; 21:10-11:

   a. Ang Bagong Herusalem ay ang paglawak at kahayagan ng naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos kasama ang Kanyang naitayong bayan—bb. 10-11.

   b. Ang Bagong Herusalem ay ang paglaki at paglawak ng Diyos, ang kahayagan ng Diyos sa kawalang-hanggan, na siyang sama-samang Diyos—Gen. 1:1; Juan 1:1, 14; 1 Cor. 15:45b; Apoc. 22:17.

## II. Ang Bagong Herusalem ay "ang kasintahang babae, ang asawa ng Kordero...ang banal na lunsod, ang Herusalem"—21:9-10:

A. Nakita ni apostol Juan “ang banal na lunsod...nahahandang gaya ng isang kasintahang babaeng nagagayakan para sa kanyang asawa”—b. 2:
   1. Ang Bagong Herusalem ay isang kasintahang babae, nagpapahiwatig na siya ay hindi isang materyal na lunsod kundi isang sama-samang persona para sa kasiyahan ni Kristo.
   2. Bilang kasintahang babae, ang asawa ng Kordero, ang Bagong Herusalem ay ang walang hanggang kapareha ni Kristo—19:7.
B. Ang Bagong Herusalem ay ang sukdulang katapusan ng dibinong pag-iibigan—isang pansansinukob na mag-asawa, “nag-iibigang magkapareha magpasawalang-hanggan”—22:17:
   1. Ang paksa ng Biblia ay isang dibinong pag-iibigan ng isang pansansinukob na mag-asawa; ang lalake ay ang Diyos Mismo, at ang babae ay ang pinili at tinubos na bayan ng Diyos—Isa. 54:5; Jer. 2:2; 3:1, 14; 31-32; Hos. 2:7, 19; Juan 3:29; 2 Cor, 11:2; Apoc. 19:7.
   2. Ang dibinong pag-iibigan ay patulang inilarawan sa Awit ng mga Awit—1:2; 8:14:
      a. Ang naghahanap ay dumaraan sa isang proseso upang maging Shulamita, ang duplikasyon ni Solomon at isang anyo ng Bagong Herusalem—6:13, 4.
      b. Ang Bagong Herusalem ay magiging isang sama-samang Shulamita, na kinapapalooban ng lahat ng pinili at tinubos na bayan ng Diyos.
   3. Ang araw ng kasal at buhay-may-asawa ni Kristo ay sumasaklaw sa panahon ng ekklesia, ang panahon ng kaharian, at ang walang hanggang panahon:
      a. Sa panahon ng ekklesia, tayo ay ipinagkatipan kay Kristo—2 Cor. 11:2.
      b. Ang araw ng kasal ay magiging ang panahon ng milenyal na kaharian—Apoc. 19:7.
      c. Ang buhay-may-asawa ay nasa Bagong Herusalem magpasawalang-hanggan—21:2, 9-10.
   4. Ang Bagong Herusalem ay magiging ang kasintahang babae sa milenyum sa loob ng isang libong taon katulad ng isang araw (2 Ped. 3:8) at pagkatapos, ang asawang babae sa bagong langit at bagong lupa sa kawalang-hanggan (Apoc. 21:2):
      a. Ang kasintahang babae sa milenyum ay kapapalooban lamang ng mga mandaraig na banal—3:12.
      b. Ang asawa sa bagong langit at bagong lupa ay kapapalooban ng lahat ng tinubos at isinilang na muling mga anak ng Diyos—21:7.
C. Ipinahihiwatig ng Apocalipsis 22:17 na si Kristo at ang Bagong Herusalem bilang Kanyang asawa ay magiging isang pansansinukob na mag-asawa sa kawalang-hanggan:
   1. Ang Espiritu, na siyang totalidad ng naprosesong Tres-unong Diyos, ay naging kaisa ng mga mananampalataya, na ngayon ay ganap nang gumulang upang Kanyang maging kasintahang babae—cf. Efe. 4:13, 15-16.
   2. Ang kasukdulan ng naprosesong Tres-unong Diyos at ang kasukdulan ng pinili, tinubos, isinilang na muli, at natranspormang bayan ng Diyos ay magiging isa at magiging isang pansansinukob na mag-asawa na maghahayag ng Tres-unong Diyos sa kawalang-hanggan.
D. Ang mga mandaraig sa nabawing ekklesia ay magiging ang Bagong Herusalem sa milenyal na kaharian—Apoc. 3:7-8, 12.

**III. Ang mga dumaraig sa nabawing ekklesia ay gagawin ng Panginoong Hesus na isang haliging naitayo tungo sa templo ng Diyos, na siyang Tres-unong Diyos Mismo—b. 12a; 21-22:**

A. Sa Apocalipsis 21:22, makikita natin na sa Bagong Herusalem ang Tres-unong Diyos Mismo ay magiging templo:

1. Ang maging isang haligi ang mga mandaraig ay nangangahulugang siya ay magiging isang haligi sa Tres-unong Diyos—3:12a.
2. Kinapapalooban ito ng pagiging naihalo sa Tres-unong Diyos at nabuoan ng Tres-unong Diyos—Efe. 3:16-17a.

B. Ginagawa tayong mga haligi ng Panginoon sa pamamagitan ng pagtatransporma sa atin, yaon ay, sa pamamagitan ng pag-aalis ng ating natural na elemento at pagpapalit nito ng Kanyang dibinong elemento—Roma 12:2; 2 Cor. 3:18:

1. Ang kahulugan ng *gawin* sa Apocalipsis 3:12 ay ang buoan tayo tungo isang bagay, ang buoin tayo sa isang malikhaing paraan.
2. Sa buhay-ekklesia ngayon, ninanais ng Panginoon na gawin tayo, buoan tayong maging mga haligi sa templo ng Diyos.

C. Ang gawain ng Panginoon sa nabawing ekklesia ay ang isagawa ang Kanyang sarili tungo sa atin, binubuoan tayong maging mga haligi sa templo ng Diyos—Efe. 3:16-17a; Apoc. 3:21a.

**IV. Sa mga nasa nabawing ekklesia na dumaraig, isusulat ng Panginoong Hesus ang pangalan ng Kanyang Diyos, ang pangalan ng lunsod ng Diyos, ang Bagong Herusalem, at ang Kanyang bagong pangalan—b. 12b:**

A. Ang katunayan na ang pangalan ng Diyos, ang pangalan ng Bagong Herusalem, at ang bagong pangalan ng Panginoon ay nakasulat sa mandaraig ay nagpapahiwatig na ang mandaraig ay naangkin ng Diyos, ng Bagong Herusalem, at ng Panginoon; na ang Diyos Mismo, ang Kanyang lunsod (Bagong Herusalem), at ang Panginoon Mismo ay pawang nabibilang sa kanya; at yaong siya ay kaisa ng Diyos, ng Bagong Herusalem, at ng Panginoon.

B. Ang pangalan ng Diyos ay tumutukoy sa Diyos Mismo, ang pangalan ng Bagong Herusalem ay tumutukoy sa lunsod mismo, at ang pangalan ng Panginoon ay tumutukoy sa Panginoon Mismo—b. 12b.

C. Na ang pangalan ng Diyos, ang pangalan ng Bagong Herusalem, at ang pangalan ng Panginoon ay nakasulat sa mandaraig ay nagpapakita na pawang naisagawa sa loob ng mandaraig kung ano ang Diyos, ang kalikasan ng Bagong Herusalem, at ang persona ng Panginoon—Juan 14:19-20, 23; Efe. 3:16-17.

D. Ang pagbanggit sa Bagong Herusalem bilang isang gantimpala sa mandaraig ay nagpapahiwatig na ang pangakong ito ay matutupad sa milenyal na kaharian; ang Bagong Herusalem sa milenyum ay magiging isang gantimpalang para sa mga mandaraig lamang—Apoc. 3:12b.

*© 2023 Living Stream Ministry*